



Ulat sa Pagtatasa sa Sining ng Wikang Ingles/Kakayahang Bumasa at Sumulat, 2022–2023

Inilalarawan ng Illinois Learning Standards ang skills, kaalaman sa nilalaman, at mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip na kailangan ng mga estudyante sa bawat grade level para manatili sa tamang daan patungo sa pagiging handa sa kolehiyo at career sa katapusan ng high school. Tinatantiya ng Illinois Assessment of Readiness (IAR) kung paano matagumpay na nakakasabay si PANGALAN ayon sa Illinois Learning Standards.

Gamitin ang QR code upang bisitahin ang IL Parent Portal sa <https://il-results.pearsonaccessnext.com> at gamitin ang sumusunod na code upang ma-access ang resulta ng pagganap ng iyong anak sa online.

gc2kqSXWJwcm



Paano Ko Magagamit ang Report na Ito?

Hinati ng State Board of Education ang IAR scores sa limang antas ng kahusayan para mailarawan ang kasalukuyang pag-aaral:

Tanungin sa iyong mga guro:


- Ng mga halimbawa ng mga skill at mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip na katangian ng iba't ibang mga antas ng kahusayan sa 3rd grade language arts/literacy o bumisita sa <https://il.mypearsonsupport.com/reporting> para sa higit pang impormasyon.
- Ang ipinapahiwatig ng ulat na ito tungkol sa mga kasalukuyang kalakasan at hamon ng iyong anak.
- Ano ang gagawin nila ngayong taon at ano ang maaaring gawin sa bahay upang matulongan ang iyong anak na umunlad?

Score ng Iyong Anak

Si PANGALAN ay nakakuha ng 3rd grade score na **716** sa 2023 IAR. Ang score na ito ay nagtatantiya sa mga kasalukuyang antas ng kakayahan sa pag-aaral at kaalaman at ang kasalukuyang kakayahan na gamitin ang pinag-aralan na iyon sa mga bagong gawaing pang-akademiko. Ang mas matataas na score ay karaniwang nagpapahiwatig ng mas matatag na saklaw ng kaalaman sa language arts/literacy at mas magaling na kakayahan na gamitin ang kaalamang iyon sa mas mahihirap na gawaing pang-akademiko at problema.

Mahalagang tandaan na ang IAR score ng iyong anak ay isang **pagtatantiya** ng kanilang kasalukuyang pag-aaral. Ang score ng iyong anak ay maaaring nasa hanggang **12.3** points na mas mataas o mas mababa. Ito ang sukat ng pagbabagong aasahan sa score ng iyong anak kung kukuha siya ng pagsusulit nang maraming beses. Ang maliliit na pagkakaiba sa mga score ay hindi dapat bigyan ng lubusang pagpapakahulugan.

Mahalagang tandaan na ang nakaraang pagganap ay hindi nakakatukoy ng pag-unlad at tagumpay sa hinarap. Ang mataas na kalidad na edukasyon at pagsisikap ng estudyante at pakikibahagi nito ay nakakatulong na hubugin ang pagganap sa hinaharap.



Inaasahang sukat ng Lexile®: **610L** at Range: **510L- 660L**

Ilagay ang inaasahang range ng Lexile sa www.lexile.com upang itugma ang mga skill sa pagbabasa ng iyong estudyante sa mga aklat na naaangkop para sa kanyang antas.

Student Growth Percentile

Walang impormasyon tungkol sa alinman sa iyong anak o sa kanyang kaparehong baitang sa pag-aaral upang makalkula ang Student Growth Percentile sa taong ito. Ang unang taon na pagsusulit ng isang estudyante sa Illinois ay ang kanilang baseline na taon.

ISANG MAS MASUSING PAG-UUNAWA SA LIMANG LARANGAN SA PAGIGING HANDA SA PAGBABASA AT PAGSUSULAT

Upang manatili sa tamang daan upang maging handa sa kolehiyo at sa career, kailangang matuto ang mga estudyante ng maraming skill, kaalaman sa nilalaman ng tinuturo, at mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip sa bawat antas ng grade. Madalas, ang mga ito ay nade-develop sa iba't ibang bilis dahil sa mga pagkakaiba sa mga priyoridad sa itinuturo sa paaralan ng bawat isa sa mga guro at paaralan, mga pagkakaiba sa mga interes ng estudyante at mga karanasan sa labas ng paaralan, at marami pang ibang salik.

Ang IAR ay naglalarawan sa pagiging handa sa limang larangan ng pagbabasa at pagsusulat sa pamamagitan ng paglalagay ng pagganap ng iyong anak sa antas na **H-Higher (Mas Mataas)**, **M-Middle (Katamtaman)**, o **L-Lower (Mas Mababa)** para sa bawat larangan. Ang pag-alam sa pagganap ng iyong anak sa mga kritikal na content domain ay nagbibigay ng pagkakataon sa iyong magkaroon ng mas mabisang talakayan sa mga guro ng iyong anak upang masuportahan ang pagsulong sa pag-aaral sa hinaharap.

H Para sa mga pagtatantiya ng kahandaan na nasa antas na **Higher**, tanungin sa (mga) guro kung paano mahahamon ang iyong anak na makapagbuo ng mas makabuluhang mga kalakasan sa parehong paaralan at tahanan.

M Para sa **Middle** level na pagtatantiya sa kahandaan, tanungin sa (mga) guro kung paano matutulungan ang iyong anak na magpakita ng higit pang kahusayan sa larangang ito sa pamamagitan ng gawain sa paaralan at mga aktibidad sa tahanan.

L Para sa mga pagtatantiya ng kahandaan na nasa antas na **Lower**, itanong sa (mga) guro ang tungkol sa mga dagdag na suportang kailangan ng iyong anak sa paaralan para makatugon sa mga inaasahan ayon sa grade level at kung anu-anong mga mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon ang mayroon para matulungan ka sa pagsuporta sa iyong anak sa tahanan.

Ang mga estudyanteng handa na sa limang larangan na ito ay matagumpay na ginagawa ang mga sumusunod:

M TEKSTO NG PANITIKAN

Pagbabasa at pagsusuri ng kathang isip, drama, at tula

L NAKASULAT NA PAGPAPAHAYAG

Paglikha ng isang mahusay na pagkakasulat mula sa nabasa ng mga estudyante

L TEKSTONG NAGBIBIGAY IMPORMASYON

Ang pagbabasa at pagsusuri ng kathang isip na kuwento, kasaysayan, agham, at sining


M KAALAMAN AT PAGGAMIT NG MGA KUMBENSYON SA WIKA

Ang pagsusulat gamit ang mga tuntunin ng pamantayang Ingles

L BOKABULARYO

Gamit ang karanasan, konteksto at pagsusuri para malaman kung ano ang kahulugan ng mga salita

PANGKALAHATANG PAGBABASA



PANGKALAHATANG PAGSUSULAT

